



### **Ang City Hall at ang mga corporate na pasilidad ay bukas batay sa appointment lamang**

BRAMPTON, ON (Setyembre 9, 2020) – Kasunod ng anim na buwan ng pagsara bilang tugon sa COVID-19, ang mga corporate na pasilidad ng Lungsod kabilang ang City Hall ay muling magbubukas sa araw na ito sa publiko batay sa appointment lamang. Sa panahong ito, ang mga walang appointment ay hindi pinapayagan.

#### **Ano ang bukas (batay sa appointment lamang)**

Simula sa Setyembre 9, ang mga lokasyon sa ibaba ay bukas para sa mga serbisyo na batay sa appointment lamang:

- City Hall, 2 Wellington St. W
- Civic Centre, 150 Central Park Dr.
- Williams Parkway Operations Centre, 1975 Williams Pkwy
- Animal Services, 475 Chrysler Dr.
- Building Division and Enforcement and By-law Services offices, 8850 McLaughlin Rd. S

Ang POA Courthouse, 5 Ray Lawson Blvd ay nagbukas na mula pa noong Hulyo 6.

Para sa mas maraming detalye, bisitahin ang [www.brampton.ca/reopening](http://www.brampton.ca/reopening)

#### **Mga serbisyo na available ngayon**

Simula Setyembre 9, ang mga serbisyo ay available nang personal batay sa appointment lamang:

- Pagkuha ng lisensya para sa pagpapakasal (Marriage licensing)
- Pagkuha ng lisensya at pagpirma sa mga aplikasyon
- Mga counter ng cashier para sa mga buwis ng ari-arian at ibang mga bayad
- Service Brampton desk para sa mga tanong
- Mga aplikasyon para sa building permit para sa hindi residensyal na mga aplikasyon, mga serbisyo sa zoning at mga permit ng karatula
- Pag-ampon ng hayop, lisensya at mga tanong

Maraming mga serbisyo ang available online at pwedeng ma-access sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

#### **Mga Booking Appointment**

Para ma-access ang personal na mga serbisyo ng Lungsod, kinakailangan ang mga appointment.

Ang ilang mga appointment ay maaaring gagawin gamit ang bagong online na serbisyo ng Lungsod na *Skip the Line* sa [www.brampton.ca/skiptheline](http://www.brampton.ca/skiptheline)



Magpa-book, muling iiskedyul o kanselahin ang iyong mga appointment online matapos sagutan ang mga tanong na pauna sa screening.

Kapag dumadalo sa appointment:

- Tiyakin ang lahat ng kailangang mga dokumento bago ka dumating para sa iyong appointment.
- Dumating sa tamang oras – ang nakaligtaan o naantalang mga appointment ay maaaring kailangang muling ipa-book para sa mas huling petsa.
- Gumamit ng hand sanitizer bago pumasok sa gusali.
- Panatilihin ang paglayo mula sa iba nang di bababa sa 2 metro (6 na piye) sa pagitan mo at sa iba.
- Ang pagsusuot ng hindi medikal na face mask ay ipinag-uutos.

### Mga Sentrong Panlibangang

Ang piling mga panlibangang lungsod ng Lungsod ng Brampton ay muling magbubukas sa Setyembre 8 para sa reserbadong mga appointment lamang. Kabilang sa available na mga bahagi ng programa ang fitness, aquatics, pangkalahatang interest na mga programa at skating. Makikita ng mga residente ang mga timeslot ng reserbasyon at itakda ang kanilang pagbisita sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation) sa pamamagitan ng pagtingin sa webpage na *Registered and Drop-In Programs*. Tinatanggap ang mga reserbasyon hanggang pitong araw nang pauna. Sa ibang banda, pwedeng magpa-book ng reserbasyon ang mga residente sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

### Pinaigting na mga pangkaligtasang pamamaraan sa mga pasilidad ng Lungsod

Kaayon ng Pamahalaan ng Ontario at ng Peel Public Health, ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na magpapatupad sa pinaigting na mga pamamaraan para panatilihin ligtas ang mga pasilidad. Ang mga protokol na ito ay tumutulong sa pagprotekta, pag-iwas, at pagpapababa sa mga posibleng panganib sa mga indibidwal, kabilang ang mga bisita, kontraktor, customer at mga empleyado.

Kabilang sa mga pangkaligtasang pamamaraan ang:

- Aktibong screening
- Mga pantakip ng mukha at Personal Protective Equipment (PPE)
- Mga harang sa mga counter na nakaharap sa mga tao
- Pagsa-sanitize
- Paglilinis at pag-disinfect
- Karatula (Signage)
- Pagkontrol sa dami o kapasidad
- Mga restriksyon sa mga pinagsunuang espasyo ng pinagtrabahuhan

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng Lungsod para suportahan ang komunidad bilang tugon sa COVID-19, bisitahin ang [www.brampton.ca/COVID19](http://www.brampton.ca/COVID19) o sundan ang @CityBrampton sa [Twitter](https://twitter.com/CityBrampton), [Facebook](https://facebook.com/CityBrampton) at [Instagram](https://instagram.com/CityBrampton).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ordinansa ng Lungsod, bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)